Notice of potential expulsion - unsatisfactory participation in learning for students aged 17 years and over

Using the telephone interpreter service to contact the school

# Abiso sa maaaring pagpapatalsik – hindi kasiya-siyang pakikilahok sa pag-aaral ng mga estudyanteng nasa edad 17 taon at mahigit

## Paggamit sa serbisyo ng interpreter sa telepono para sa pagtawag sa paaralan

Pangalan ng estudyante
Name of student

Mahal na magulang/tagapag-alaga

Ang kalakip na sulat ay nagbabalangkas sa mga detalye ng Abiso sa maaaring pagpapatalsik – ang hindi kasiya-siyang pakikilahok na ibinigay ko sa iyong anak alinsunod sa NSW Department of Education Student Behaviour Policy at ang mga pamamaraan sa Pagsususpinde at Pagpapatalsik.

Ang sulat ay nag-aanyaya sa iyo na dumalo sa isang pormal na pagpupulong upang talakayin ang bagay na ito bago gumawa ng desisyon na pagpapatalsik. Kung tawagan kayo ng paaralan, mangyaring sabihin sa amin kung kailangan niyo ng interpreter sa pagpupulong at magsasaayos kami nito.  Kung kayo ay may kahirapan sa pag-iintindi sa kalakip na sulat, mangyaring tawagan mo ang paaralan upang makapagpaliwanag kami.

Hinihiling sa iyo na sagutin mo na natanggap mo ang Abiso sa maaaring pagpapatalsik – hindi kasiya-siyang pakikilahok. May hiwalay na pormang nakalakip para sa layuning ito. Kalakip din ang impormasyon tungkol sa kung ano ang mga dapat mong malaman kung napatalsik ang iyong anak.

Kung kailangan mo ang tulong ng isang interpreter kung tumatawag ka sa paaralan, mangyaring tumawag sa 131 450 at humingi ng isang interpreter ng iyong wika. Sabihin sa opereytor ang numero ng telepono na gusto mong tawagan, at sila ay kukuha ng isang interpreter sa telepono upang makatulong sa iyong pakikipag-usap. Hindi kayo magbabayad sa serbisyong ito.

Pangalan ng Prinsipal
Name of Principal

Numero ng telepono ng Prinsipal
Principal’s phone number

## Abiso sa maaaring pagpapatalsik – hindi kasiya-siyang pakikilahok sa pag-aaral ng mga estudyanteng nasa edad 17 taon at mahigit – Sagot ng magulang/tagapag-alaga

## Notice of potential expulsion - unsatisfactory participation in learning for students aged 17 years and over - Parent/carer response

**Mangyaring ibalik itong porma sa email address na nakalista sa ibaba o sa opisina ng paaralan**

Pangalan ng estudyante
Name of student ______________________________

Ang email address ng paaralan para sa pagbabalik ng kasagutan
School email address for return of response ______________________________

**Punuan ng magulang/tagapag-alaga ang mga detalye sa ibaba sa wikang Ingles**

- ☐ Napag-usapan na namin ng anak ko ang bagay na ito at nabasa ang abiso sa maaaring pagpapatalsik dahil sa hindi kasiya-siyang pakikilahok.
  I have discussed this matter with my child and have noted the notice of potential expulsion for unsatisfactory participation.
- ☐ Ako ay makikipagpulong sa paaralan sa pinakamadaling panahon upang mapag-usapan itong bagay.
  I will meet with the school as soon as possible to discuss this matter.
- ☐ Hindi sapilitan – Ako ay magdadala ng isang taong tagasuporta ko sa pagdalo ng pagpupulong.
  Optional - I will bring a support person to attend the meeting with me.
- ☐ Hindi sapilitan – Mangangailangan ako ng isang interpreter sa pagpupulong.
  Optional - I will need an interpreter at the meeting.

Pangalan ng magulang/tagapag-alaga (mangyaring isulat sa malalaking mga letra) ______________________________
Name of parent/carer

Lagda ng magulang/tagapag-alaga ______________________________ Petsa ____________
Signature of parent/carer Date

Ang magulang/tagapag-alaga ay dapat magbigay ng kanilang mas gustong paraan ng pagka-kontak, hal: numero ng teleponong mobile, email address

Ang mas gusto kong paraan ng pagkakontak ay: ______________________________
Parent's/carer's preferred contact method

Ang aking mga pangkontak na detalye ay: ______________________________
Parent's/carer's contact details